



Tawagan ang iyong PCP at magpa-appointment ngayon!

Ang iyong anak ay kailangan nang sumailalim sa Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit



Ang mga sanggol ay dapat magkaroon ng 6 na Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit bago sila maging 15 buwang gulang.



Ang mga toddler ay dapat magkaroon ng 2 Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit sa pagitan ng 16 at 30 buwan.



Ang mga bata, teen, at nakababatang nasa hustong gulang na hanggang 21 taong gulang ay dapat magkaroon ng isang Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit bawat taon.

Mga Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit

Kung ikaw o ang iyong anak ay wala pang 21 taong gulang, sasaklawin ng Medi-Cal ang mga regular na checkup sa kalusugan. Ang mga checkup na ito ay tinatawag na Mga Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit. Ang pagpunta sa mga pagpapatingin na ito kapag nakaiskedyul ang mga ito ay makakatulong sa bata upang manatiling malusog. Naiiba ito sa iba pang pagpapatingin para sa sakit o pinsala.

Ang mga Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit ay nakakatulong na tiyaking mayroon ang iyong anak ng mga kinakailangang bakuna, at lumalaki at umuunlad siya gaya ng inaasahan.

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong ito anumang oras na kailangan ang mga ito, kahit na hindi ito sa panahon ng iyong regular na checkup. Wala kang babayaran sa lahat ng serbisyong ito.

Bakit dapat magkaroon ng Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit?

Ang mga Well-Child Visit ay nagbibigay-daan sa inyong Primary Care Provider (PCP) na bantayan ang pangkalahatang kalusugan at development ng inyong anak. Ang PCP ay ang doktor, nurse practitioner, o physician assistant na nangangasiwa sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak. Ang PCP ay makikipag-usap sa inyo tungkol sa kung paano panatilihin malusog ang inyong anak.

Nakakatulong din ang mga Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit sa iyong PCP na makita nang maaga ang mga problema, kapag mas madaling gamutin ang mga ito.

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong kailangan upang maayos o mapabuti ang anumang isyu sa kalusugan o karamdaman ng katawan o isip.



Sino ang makakakuha ng Well-Child Visit \$50 gift card?

Maaari kayong makakuha ng gift card kung nagkaroon kayo ng **6 o higit pang** Well-Child Visit nang may PCP sa unang 15 buwan ng buhay ng anak ninyo.

Para makakuha ng gift card:

1. Dapat kayong mag-iskedyul at pumunta sa mga Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit sa loob ng panahong nakalista sa itaas.
2. Dapat ay miyembro kayo ng SFHP sa panahon ng Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit.
3. Makakakuha lang kayo ng isang gift card para sa mga Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit sa isang taon.

Hindi ninyo kailangang magpadala ng kahit ano sa SFHP. Ipadadala namin ang gift card ninyo matapos ninyong matugunan ang mga kinakailangan sa itaas. Ipadadala sa iyo ang gift card sa pamamagitan ng koreo 8 linggo matapos ang ika-6 mong pagpapatingin.

Kung mayroon kayong mga tanong, puwede kayong tumawag sa San Francisco Health Plan Customer Service Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 547-7800** o **1(800) 288-5555** (toll-free).

Gumawa ng Listahan ng Mga Bagay na Itatanong sa Pagpapatingin

Mas madaling maalala ang mga tanong kapag isinulat mo ang mga ito bago ang pagpapatingin.

Bago ang Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit, magsulat ng 3 hanggang 5 tanong na mayroon ka.

Ang pagpapatingin na ito ay isang magandang pagkakataon upang magtanong sa Provider ng Pangunahing Pangangalaga ng anumang tanong tungkol sa:

- Isang kundisyon na mayroon ang iyong anak (tulad ng hika, mga allergy, o problema sa pagsasalita)
- Mga pagbabago sa mood, o kung paano kumikilos ang iyong anak
- Mga problema sa paaralan – sa pag-aaral o sa iba pang bata

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong:

- Up to date ba ang aking anak sa mga bakuna?
- Paano ko matitiyak na may sapat na pisikal na aktibidad ang aking anak?
- Paano ko matutulungan ang aking anak na kumain ng masustansya?
- Paano ko matuturuan ang aking anak na gamitin nang ligtas ang Internet?
- Paano ako makikipag-usap sa aking anak tungkol sa pananakot?
- Paano ko matutulungan ang aking anak na malaman kung ano ang dapat asahan sa panahon ng puberty?



Itanong kung ano ang dapat gawin kung magkasakit ang iyong anak.

Tiyaking alam ninyo kung paano makipag-ugnayan sa isang doktor o nurse kapag sarado ang tanggapan. Itanong kung paano makakaugnayan ang provider na available sa tawag, o kung may numerong maaari mong tawagan sa gabi o sa weekend.





Makakatulong ang Doktor ng Iyong Anak

Kung ang inyong anak ay kailangan nang magpatingin sa kalusugan, mangyaring tawagan ang Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider o PCP) ng iyong anak (PCP). Ang PCP ay ang doktor, nurse practitioner, o assistant ng doktor na nangangasiwa sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak.

Makakatulong din ang PCP ng iyong anak na ikonekta ka sa iba pang resource tulad ng pagkuha ng masustansyang pagkain, tulong sa kalusugan ng isip, at iba pang serbisyo upang suportahan ang iyong kalusugan. Maaari ka ring makipag-usap sa PCP tungkol sa suportang kailangan mo para sa iyong sariling kalusugan.

Ano ang mangyayari sa panahon ng Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit?

Ang PCP ay susuri sa inyong anak at magtatanong. Makakatulong ito sa kanya na malaman ang kalusugan ng iyong anak. Maghahanap din siya ng anumang maaaring humantong sa mga problema sa medikal na kalusugan, kalusugan ng ngipin, at kalusugan ng isip.

Pag-uusapan din ninyo ng PCP ang tungkol sa kung paano matutulungan ang iyong anak na manatiling malusog. Magkakaroon ka rin ng pagkakataon na magtanong ng anumang bagay tungkol sa pag-uugali o paglaki ng iyong anak. Maaari kang magtanong ng anumang bagay tungkol sa tulog, pagkain, o mga isyu sa paaralan ng iyong anak, o anumang gusto mong malaman.

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong kailangan upang maayos o mapabuti ang anumang isyu sa kalusugan o karamdaman ng katawan o isip sa panahon ng pagpapatingin.



Screening para sa Depresyon ng Ina:

Kung kamakailan kang nagsilang ng sanggol at dadalhin mo siya para sa Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit, maaaring magsagawa sa iyo ang PCP ng checkup sa kalusugan ng isip.

Kung mayroon kayong mga tanong, puwede kayong tumawag sa San Francisco Health Plan Customer Service Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 547-7800** o **1(800) 288-5555** (toll-free).

Narito ang mangyayari sa panahon ng Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit depende sa edad ng iyong anak.

	Kapanganakan – 15 buwang gulang 6 na pagpapatingin sa panahong ito	16 – 30 buwang gulang Dalawang pagpapatingin sa panahong ito	3 – 10 taong gulang Isang pagpapatingin bawat taon	11 – 17 taong gulang Isang pagpapatingin bawat taon	18 – 21 taong gulang Isang pagpapatingin bawat taon
Kasaysayan: Magtatanong ang Provider ng Pangunahing Pangangalaga ng mga bagay tungkol sa buhay at kalusugan ng iyong anak.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Mga Bakuna: Maaaring sabihin sa iyo ng PCP kung kailangan ng iyong anak ng mga bakuna (mga iniksyon) upang maiwasan ang malubhang sakit. Nakakatulong din ang mga bakuna na protektahan ang kalusugan ng ating komunidad, lalo na ang mga taong hindi makapagpabakuna.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Pisikal na Pagsusuri: Kasama rito ang pagsusuri sa mga bahagi ng katawan ng bata, tulad ng pakikinig sa puso at mga baga, at pagtingin upang matiyak na mukhang malusog ang lahat.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Mga Pagsusukat: Susuriin niya ang mga bagay tulad ng taas at timbang ng bata.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Mga Pagsusuri sa Pangingin at Pandinig	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Pagsusuri sa Paglaki: Susuriin ng PCP kung ano ang lagay ng pagsasalita, pandinig, pagkatuto, o paggalaw ng bata sa paglipas ng panahon. Matutulungan ka rin ng PCP na matuto tungkol sa “mga milestone sa paglaki”. Ang mga ito ay ang mga bagong kasanayan na karaniwang mayroon ang mga bata sa partikular na edad.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Screening para sa Paglaki: Para sa mas maliliit na bata, susuriin ng PCP kung paano natututo ng mga bagong kasanayan ang bata.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>			
Pagsusuri sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pag-iisip: Oobserbahan ng PCP ang bata upang malaman kung ano ang lagay ng emosyon ng bata. Magtatanong din siya ng mga bagay tungkol sa pag-uugali ng bata.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Screening para sa Depresyon				<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Screening para sa Tabako, Alak, o Droga: Makikipag-usap ang PCP sa mga mas nakatatandang bata at nakababatang nasa hustong gulang tungkol sa alak, paninigarilyo, at droga. Kasama rito ang pagtatanong.				<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Mga Screening na Pagsusuri: Ang mga screening na pagsusuri ay nakakatulong na makita ang mga problema sa kalusugan bago lumabas ang mga sintomas. Titingnan ng mga pagsusuri ang iba't ibang isyu sa kalusugan batay sa edad ng bata.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Screening para sa Lead: Maaaring kailangang ipasuri ng mga batang 6 na taong gulang o mas bata ang mga antas ng lead sa dugo, lalo na sa edad na 12 at 24 na buwan.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>		
STI Mga screening: Titingnan ng PCP kung siya ay sexually active at kung may anumang sexually transmitted na impeksyon				<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Pagsusuri sa Kalusugan ng Ngipin: Upang makita kung gaano kalusog ang mga ngipin at gilagid ng bata.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Flouride Varnish: Ang PCP ay naglalagay ng fluoride sa mga ngipin ng bata upang maprotektahan laban sa pagkabulok ng ngipin.	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>	